

## WARM-UP

- Magkuwento ng isang karanasan na mayroon ka tungkol sa paghahardin.
- Magkuwento tungkol sa mga paborito mong alaala kasama ang iyong mga pinsan o kaibigan.
- Kailan ang huling pagkakataon na naghintay ka para sa isang bagay? Ikuwento kung ano ang nangyari.

**WORD** *Muling nagbigay ng talinghaga si Jesus sa kanila, “Ang paghahari ng Diyos ay maitutulad sa kwentong ito: May isang taong naghasik ng mabuting binhi sa kanyang bukid.”* **MATEO 13:24**

(Basahin din ang **MATEO 13:25-30**.)

Ang kaharian ng Diyos ay ang Kanyang walang hanggang paghahari, kung saan ang mga anak at nilikha Niya ay isa lamang maliit na bahagi. Ito ay isang bagay na pinananabikan natin, bilang Kanyang mga mamamayan, bagama’t nagaganap na rin ito sa kasalukuyan. Nangangahulugan ito na tayo ay may papel na dapat gampanan sa pagsulong ng Kanyang kaharian. Noong Siya ay narito pa sa lupa, maraming ibinigay si Jesus na talinghaga na makakatulong sa atin upang higit na maunawaan ang kaharian ng Diyos. Ano ang sinasabi tungkol sa kaharian ng langit ng talinghaga tungkol sa mga damo?

1

## Ang kabutihan at kasamaan ay parehong naitanim sa mundo.

*<sup>24</sup>Muling nagbigay ng talinghaga si Jesus sa kanila, “Ang paghahari ng Diyos ay maitutulad sa kwentong ito: May isang taong naghasik ng mabuting binhi sa kanyang bukid. <sup>25</sup>Pero kinagabihan, habang natutulog ang mga tao, dumating ang kanyang kaaway at naghasik ng masasamang damo at umalis.”*

**MATEO 13:24,25**

Ipinaliwanag ni Jesus na *ang bukid ay ang mundo, at ang mabuting binhi ay ang mga anak sa kaharian ng Diyos* (Mateo 13:38). Bilang mga binhi, naitanim tayo, na Kanyang mga anak, sa mundo. Subalit may kaaway na nagtanim ng masasamang damo sa gitna ng mga binhi ng trigo. Ang kasamaan at kasalanan ay naitanim sa mundo kasama ng katuwiran ng Diyos. Kapag binunot ang mga damong ito, mabubunot din ang mga trigo. Dahil dito, hinayaan ng may-ari ng taniman na sabay silang tumubo. Ano ang ibig sabihin nito para sa atin habang nabubuhay tayo sa mundo? Paano tayo makapagpapatuloy sa paglilingkod sa Diyos at sa pagiging mas katulad ni Cristo sa gitna ng kasalanan at mga paghihirap?

---

---

---

---

## 2 | Sa huli, magkakaroon ng panahon ng anihan.

<sup>30</sup>"Hayaan na lang muna ninyong lumagong pareho hanggang sa anihan. Kapag dumating na ang panahong iyon, sasabihin ko sa mga tagapag-ani na unahin muna nilang bunutin ang masasamang damo, at bigkisin para sunugin. Pagkatapos, ipapaani ko sa kanila ang trigo at ipapaimbak sa aking bodega." . . . <sup>43</sup>"Pero ang matutuwid ay magniningning na parang araw sa kaharian ng kanilang Ama. Kayong mga nakikinig, dapat ninyo itong pag-isipan!" **MATEO 13:30,43**

Bagama't mahirap makilala dito sa mundo ang kasamaan mula sa kabutihan, sa oras ng anihan, maayos na maihihiwalay ang trigo mula sa damo para sa huling paghuhukom. Sa *katapusan ng mundo*, na tumutukoy sa anihan sa talinghaga, iipunin ng Diyos ang Kanyang mga mamamayan (Mateo 13:39). Ang damo na tumutukoy sa *gumagawa ng kasalanan at nagiging dahilan ng pagkakasala ng iba* ay iipunin at itatapon sa *nagliliyab na apoy*. Ang *matutuwid ay magniningning na parang araw* at magpapakita ng katuwiran ng Diyos. Ayon sa Pahayag 7:9, saan nagmumula ang mga taong iniipon ng Diyos?

.....

.....

.....

.....

### APPLICATION

- Hindi pa ganap na matatanggal ang kasamaan hangga't hindi pa dumarating ang anihan. Ano ang gagawin mo kapag nakita mo ang kasamaan at pagkawasak sa mundo? Paano mo maipapakita ang kabutihan ng Diyos?
- Ano ang ibig sabihin ng pagiging anak ng kaharian ng Diyos? Ano ang ilan sa mga paraan kung paano mo ito isinasabuhay?
- Ano ang isang praktikal mong ginagawa upang maibahagi ang liwanag sa mundo? Kanino mo maibabahagi ang mabuting balita na maaari tayong maging mga anak ng Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo?

## PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa pagtanim sa atin sa mundo upang ganap natin Siyang maranasan at maipakita ang Kanyang liwanag. Pasalamatang Siya sa pagbibigay sa atin ng kanya-kanyang kapalaran at layunin na nagbibigay papuri sa Kanya.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan upang magpatuloy sa pagiging katulad ni Cristo. Ipanalangin ang kalakasan upang labanan ang mga kasinungalingan ng kaaway.
- Ipanalangin na maging ilaw ka sa mga nakapaligid sa iyo. Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon upang maipakilala ang iba sa Diyos habang dinadala mo ang kaharian ng langit dito sa mundo.

## NOTES